



EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

ADVISORY NO. 65-19
24 October 2019

**WARNING AGAINST VIOLATION OF PROVISIONS OF E-VISAS TO
KALININGRAD AND ST. PETERSBURG**

The new E-visa scheme for Filipino legitimate tourists travelling to: **1) Kaliningrad Enclave** of the Russian Federation in the Baltics and **2) St. Petersburg** will allow for greater people-to-people contact and increase understanding between the Philippines and Russia.

However, the Embassy reminds Filipinos who use this e-Visa that they should observe its strict limitations. Everyone who will avail of the Russian E-visa to these tourist places should fully understand that there are strict limitations that must be followed. E-visas are city specific and exclude all other parts of Russia. This means Filipino tourists can only enter and exit from Kaliningrad and St. Petersburg, respectively, and cannot travel back to their next destination outside of these exit points. If you entered, for example in St. Petersburg, you must exit Russia only through St. Petersburg with no connecting flights within Russia.

Those interested in visiting Russia on an e-Visa should carefully examine all conditions under the e-Visa.

Please visit https://philippines.mid.ru/en_GB/consul for information on Russian visas, including e-Visas.

**PANAWAGAN SA MGA GAGAMIT NG E-VISA PAPUNTANG
KALININGRAD AT ST. PETERSBURG**

Ang bagong E-visa na sistema ng Russian Federation para sa mga lehitimong Pilipinong turista na dumadalaw papuntang: 1) Kaliningrad Enclave ng Russian Federation sa rehiyong Baltic at 2) St. Petersburg ay magpapahintulot ng gawarang pakikisalamuha ng mga Russo at Pilipino at magpapaigting ng pagkakaintindihan ng dalawang bansa.

Gayunpaman, nagpapaalala ang inyong Embahada na ang mga gagamit ng E-visa ay dapat sumunod sa mga limitasyon nito. Lahat ng Pilipinong gagamit ng E-visa sa mga pang-turistang lugar na ito ay dapat intindihin ng mabuti and mga alituntunin na dapat sundin. Ang E-visa ay gamit lamang sa dalawang lugar na ito at hindi po kasama ang ibang lugar sa Russia dito. Ibig sabihin po nito, ang mga Pilipinong turista ay makakapasok lamang at makakalabas ng Russia sa pamamagitan ng dalawang lugar na ito. Halimbawa, kung pumasok kayo sa St. Petersburg, dito din lamang kayo dapat manggagaling palabas ng Russia at walang flight na may koneksyon sa ibang lugar ng Russia. Pakitignan po ang website na ito: https://philippines.mid.ru/en_GB/consul para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Russian visas, kasama ang E-visa.


CARLOS D. SORRETA
Ambassador



EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

ADVISORY NO. 5-20
10 January 2020

PANAWAGAN TUNGKOL SA E-VISA

Nananawagan po kami muli sa mga Kababayan na nais bumisita sa Russia gamit ang e-Visa na dapat sundin ang mga limitasyon nito na makikita sa <https://evisa.kdmid.ru/>.

Nais po naming bigyan diin ang mga sumusunod:

1. **Limitasyon sa Lugar.** Para sa mga Filipino, ang e-Visa ay para lamang sa Kaliningrad Administrative Region (Oblast), St. Petersburg, at Leningrad Oblast.

Habang nasa mga lugar na ito, hindi maaaring lumabas at pumunta sa ibang bahagi ng Russia.

2. **Limitasyon sa Pagpasok at Paglabas.** Kung saang paliparan o daungan o hangganan ng teritoryo ng Russia pumasok (halimbawa, ang Pulkovo Airport sa St. Petersburg), dito rin dapat lumabas ng bansa.

Para sa mga sasakay ng eroplano, dapat lang na ang flight na kunin ay international - walang "domestic connecting flight" sa ibang lugar sa Russia. Samakatuwid, sa paggamit ng e-visa sa St. Petersburg, halimbawa, bawal kumuha ng flight na dadaan muna sa Moscow bago makarating ng St. Petersburg. At sa paglabas naman, bawal din na kumuha ng flight na pagkaalis sa St. Petersburg ay dadaan muna ng Moscow o sa ibang lugar sa Russia bago tuluyang makaalis sa teritoryo ng bansa.

3. **Limitasyon sa Bilang ng Araw ng Pamamalagi.** Kailangan umalis bago matapos ang walong araw. Meron pong *visa calculator* sa <https://evisa.kdmid.ru/>. Ang kailangan tandaan, bilang halimbawa, ay kung dumaan sa immigration sa Lunes sa pagdating, kailangan sa paglabas dumaan sa immigration bago sa susunod na Lunes.
4. **Kailangan Balido ang Visa.** Habang nasa lugar na ito, kailangan balido ang visa. Kung mag-expire na ang visa bago pa matapos ang walong araw na pagbista, kailangan mag-exit bago mag-expire ang visa.

Maraming Salamat po.


CARLOS D. SORRETA
Ambassador